IGNATIAN
INTERNATIONAL JOURNAL FOR MULTIDISCIPLINARY RESEARCH
www.icceph.com
ISSN 2984-9942

PAGGAMIT NG ARTIPISYAL NA INTELIHENSIYA SA PAGTUTURO NG FILIPINO: PANANAW AT KARANASAN NG MGA GURO BATAY SA TPACK (TECHNOLOGICAL PEDAGOGICAL CONTENT KNOWLEDGE)

Harrah Mae F. Ancog, Fe N. Conui

Filipino Department, Bohol Island State University, Zamora, Bilar, Bohol, Philippines
Graduate School, Holy Name University, Tagbilaran City, Bohol, Philippines

ABSTRACT

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa Unang Semestre ng Taong-Panuruan 2026–2027 at pormal na natapos noong Nobyembre 2026. Layunin ng kwalitatibong deskriptibong pag-aaral na ito na mailarawan ang pananaw at karanasan ng mga guro sa paggamit ng Artipisyal na Intelihensiya (AI) sa pagtuturo ng Filipino, matukoy ang mga larangang maaaring makinabang dito, at maitala ang kanilang mga rekomendasyon para sa responsableng integrasyon. Labinlimang (15) guro mula sa tatlong kampus ng Bohol Island State University—Bilar, Main, at Candijay, ang pinili sa *purposive sampling*. Nangalap ng datos sa pamamagitan ng *self-made semi-structured* na panayam at nagsagawa ng *first-cycle* at *second-cycle coding*, sa tulong ng MAXQDA, gamit ang *Technological Pedagogical Content Knowledge* (TPACK) bilang analitikal na balangkas. Lumitaw ang tatlong tema sa pananaw, dalawa sa karanasan, pitong larangang maaaring paggamitan, at siyam na tema sa rekomendasyon. Kinikilala ang AI bilang katuwang sa paghahanda ng aralin, pagsusulit, at kagamitang panturo, ngunit kailangang suriin ang mga awtput dahil sa mga kamalian sa impormasyon, balarila, at pagsasalin. Binibigyang-diin ng mga guro ang kasanayan sa *prompt*, beripikasyon, etikal na patakaran, at paggabay ng guro. Iminungkahi ang LINANG-AI FILIPINO bilang praktikal na manwal na kailangan pang balidahin. Ipinahihiwatig ng resulta na ang makabuluhang integrasyon ng AI ay nakasalalay sa magkakaugnay na kaalamang teknolohikal, pedagogikal, at pangnilalaman at sa propesyonal na pananagutan ng guro.

Mga Susing Salita: *Artipisyal na Intelihensiya; Pagtuturo ng Filipino; Pananaw at Karanasan; TPACK*

INTRODUKSIYON

Sa patuloy na pag-unlad ng teknolohiya, lumalawak ang paggamit ng Artipisyal na Intelihensiya (*Artificial Intelligence* o AI) sa edukasyon. Ayon sa *Organisation for Economic Co-operation and Development* (OECD, 2025), humigit-kumulang isa sa bawat tatlong guro sa mga sistemang pang-edukasyong kalahok sa *Teaching and Learning International Survey* (TALIS) 2024 ang nag-ulat na gumagamit ng AI sa kanilang trabaho. Sa mga gumagamit nito, 68% ang nagagamit ito sa pag-aaral o pagbubuod ng mga paksa at 64% sa paghahanda ng mga banghay-aralin at gawaing pampagkatuto. Ipinakita rin nina Silagan at Samarca (2025) na malaki ang potensyal ng AI sa pagpapahusay ng mga gawaing pampagtuturo at pagkatuto.

Gayunpaman, may mga hamon ang paggamit ng AI na hindi nalulutas ng mabilis na paglikha ng mga materyales. Natukoy ni Goli-Cruz (2024) sa mga guro sa mataas na edukasyon ang mga pangamba tungkol sa katumpakan ng impormasyon, labis na pagdepende sa teknolohiya, at integridad akademiko. Sa pag-aaral ni Cabato (2025) sa mga guro ng Ingles, lumitaw ang pagkakaiba-iba ng kanilang kaalaman sa ChatGPT at sa mga etikal na implikasyon nito. Ipinakita rin nina David at Maroma (2025) ang pakinabang ng ChatGPT sa paghahanda ng aralin, kasabay ng mga usapin sa kredibilidad ng nilalaman. Sa larangan ng wika, tinalakay nina Ulla et al. (2024) ang potensiyal ng *generative AI* sa inklusibong pagtuturo ng wika. Sa asignaturang Filipino, sinuri ni Balbada (2025) ang pananaw at pedagogikal na pag-angkop ng mga guro sa paggamit ng AI at tinukoy ang mga pakinabang nito, gayundin ang mga hamon sa katumpakan ng nilalaman at kaangkupang pangwika at pangkultura. Ipinahihiwatig nito na hindi sapat ang pagtanggap sa AI; mahalagang maunawaan kung paano ito aktuwal na ginagamit, sinusuri, at inaangkop sa pagtuturo ng Filipino.

Bagama’t mayroon nang mga pag-aaral sa pananaw at karanasan ng mga guro sa AI, hindi magkakatulad ang kanilang saklaw at mga tanong. Sinuri ni Goli-Cruz (2024) ang pananaw ng mga guro sa mataas na edukasyon tungkol sa ChatGPT; pinagtuunan ni Cabato (2025) ang kaalaman, saloobin, at praktika ng mga guro sa Ingles; at tinalakay nina Ulla et al. (2024) ang inklusibong pagtuturo ng wika. Mas malapit sa kasalukuyang paksa ang pag-aaral ni Balbada (2025) tungkol sa pananaw at pedagogikal na pag-angkop ng mga guro sa Filipino. Sa pinagsamang saklaw ng mga nasuring literatura, nangangailangan pa ng kontekstuwalisadong paglalarawan kung paano nag-uugnay ang pananaw at aktuwal na karanasan ng mga guro sa Filipino sa kanilang pagpili, pagsusuri, at pag-angkop ng AI sa pagtuturo; kung aling iba pang larangan ng asignatura ang maaari nilang mapakinabangan; at kung anong mga rekomendasyon ang ibinabatay nila sa karanasang ito. Mahalaga ang puwang na ito sapagkat ang pangkalahatang pagtanggap sa AI ay hindi sapat na batayan sa pagpapasya kung ang nilalaman nito ay wasto sa wika, angkop sa kultura, at makabuluhan sa pedagohiya.

Dahil dito, nakita ng mananaliksik ang pangangailangang isagawa ang pag-aaral na naglalayong mailarawan ang pananaw at karanasan ng mga guro sa Filipino sa paggamit ng AI, matukoy ang iba pang larangan ng pagtuturo ng Filipino na maaaring higit pang mapakinabangan ng teknolohiyang ito, at makabuo ng mga rekomendasyong

magsisilbing batayan sa mas epektibo, responsable, at makabuluhang integrasyon ng Artipisyal na Intelihensiya sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa mga kampus ng Bohol Island State University.

Mga Tanong sa Pananaliksik

Sa katiyakan, nilalayon ng mananaliksik na matugunan at masagutan ang sumusunod na mga katanungan:

1. Ano-ano ang mga pananaw ng mga guro sa paggamit ng Artipisyal na Intelihensiya sa pagtuturo ng Filipino?
2. Ano-ano ang karanasan ng mga guro sa paggamit ng Artipisyal na Intelihensiya sa pagtuturo ng wikang Filipino?
3. Ano-ano ang mga larangan sa pagtuturo ng Filipino ang maaaring paggamitan ng Artipisyal na Intelihensiya?
4. Ano ang mga rekomendasyong maaaring mabuo sa pag-aaral upang mahusay ang integrasyon ng Artipisyal na Intelihensiya sa pagtuturo ng asignaturang Filipino?
5. Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, ano ang maaaring mabubuo na awtput ng pag-aaral?

METODOLOHIYA

Disenyo at Lugal

Gumamit ng kwalitatibong deskriptibong disenyo upang mailahad ang pananaw, karanasan, at rekomendasyon ng mga kalahok sa konteksto ng kanilang pagtuturo. Isinagawa ang pag-aaral sa BISU Bilar Campus, BISU Main Campus, at BISU Candijay Campus sa lalawigan ng Bohol noong Unang Semestre ng Taong-Panuruan 2026–2027. Ang pagpili sa mga kampus ay nakabatay sa saklaw at mga pamantayang itinakda sa tesis.

Kalahok

Ang mga kalahok sa pag-aaral ay mga gurong nagtuturo ng asignaturang Filipino sa mga kampus ng Bohol Island State University (BISU) para sa Unang Semestre ng Taong-Panuruan 2026–2027. Gumamit ang mananaliksik ng *purposive sampling* sa pagpili ng mga kalahok. Labinlimang (15) guro sa Filipino ang kalahok sa pag-aaral at pinili batay sa kanilang karanasan at aktuwal na paggamit ng Artipisyal na Intelihensiya sa pagtuturo. Ang bilang na ito ay sinusuportahan ng pag-aaral nina Mazo et al. (2025), isang kwalitatibong pananaliksik na gumamit din ng labinlimang (15) guro upang masuri nang malalim ang kanilang mga karanasan sa paggamit ng Artipisyal na Intelihensiya sa edukasyon sa pamamagitan ng *in-depth interviews*.

Hindi kabilang ang mga mag-aaral o guro sa ibang disiplina. Bagama't instruktor din ang mananaliksik sa BISU-Bilar, nakasaad sa tesis na wala siyang superbisoryo, ebalwatibo, o administratibong kapangyarihan sa mga potensiyal na kalahok; kinilala rin ang posibleng impluwensiya ng ugnayang magkakatrabaho sa boluntaryong paglahok.

Instrumento at Pangangalap ng Datos

Gumamit ng sariling binuong *semi-structured interview guide* na nakaayon sa apat na suliranin at sa balangkas na TPACK. Matapos makuha ang *Ethics Review Board Clearance* at hiningi ang kusang-loob na pahintulot sa paglahok at hiwalay na pahintulot sa *audio recording*, isinagawa ang mga panayam sa loob ng dalawang linggo, ayon sa oras na maaaring ilaan ng mga kalahok. Ang bawat panayam ay tumagal nang humigit-kumulang 10–15 minuto. Ang mga panayam ay itinala at tinranskriba para sa pagsusuri. Gumamit ng mga koda sa mga kalahok upang mapangalagaan ang kanilang pagkakakilanlan, at itinago ang elektronikong datos sa *password-protected* na *device*.

Pagsusuri ng Datos

Isinagawa ang sistematikong pagko-koda at pagsusuring tematiko sa tulong ng *Max Qualitative Data Analysis (*MAXQDA). Sa *first-cycle coding*, tinukoy ang mga paunang koda mula sa mga pahayag. Sa *second-cycle coding*, inihambing at pinagsama ang magkakaugnay na koda upang makabuo ng mga tiyak na tema. Pagkatapos, binigyang-kahulugan ang mga tema ayon sa mga suliranin ng pag-aaral at sa TK, PK, at CK na dimensiyon ng TPACK. Ginamit ang piling tuwirang sipi mula sa mga kalahok upang suportahan ang interpretasyon. Hindi ginamit ang mga tema bilang estadistikal na sukatan ng paglaganap ng pananaw sa populasyon.

RESULTA AT DISKUSYON

Talahanayan 1. Mga Pananaw ng mga Guro sa Paggamit ng Artipisyal na Intelihensiya sa Pagtuturo ng Filipino

Mga Piling Sipi mula sa mga Tugon ng mga Kalahok	Mga Koda	Mga Tiyak na Tema
Technological Knowledge		
"Ang AI nagbibigay din siya ng additional na mga information, mga halimbawa rin depende sa kung ano ang ating hinihingi sa kanya."	AI bilang mapagkukunan ng impormasyon	Katuwang sa Pagpapahusay ng Pagtuturo sa Filipino
"Okay naman talaga ang mga AI… Pero hindi lang tayo dapat nakaasa rin dito ng lubos."	Responsableng paggamit ng AI	Limitasyon at Responsableng Paggamit ng AI
"Kailangan na kapag gumamit tayo ng AI, kailangan din natin na basahin muli at magbigay din tayo ng sarili nating salita."	Kritikal na pagsusuri sa nilalaman ng AI	Limitasyon at Responsableng Paggamit ng AI
"Hindi balido ang mga impormasyong lumalabas sa AI… maraming mga impormasyon na hindi balido at hindi tumpak."	Pagkilala sa mga limitasyon ng AI	Limitasyon at Responsableng Paggamit ng AI

“Ang AI ay talaga namang nakakatulong sa ating edukasyon, basta responsable lang tayo sa paggamit nito.”	Responsableng paggamit ng AI	Limitasyon at Responsableng Paggamit ng AI
“Malaki talagang tulong ng ChatGPT… nakakatipid siya sa oras. Kasi madali lang kasi, isang minuto lang ay maibibigay na ni ChatGPT yung gusto mo.”	AI sa pagpapadali ng gawaing pampagtuturo	Katuwang sa Pagpapahusay ng Pagtuturo sa Filipino
Pedagogical Knowledge		
“Makatutulong sa guro at sa mga mag-aaral.”	AI bilang katuwang sa Pagtuturo ng Filipino	Katuwang sa Pagpapahusay ng Pagtuturo sa Filipino
“Malaking tulong ang AI sa larangan ng edukasyon… sa paghahanda ng mga kagamitang pampagtuturo.”	AI bilang katuwang sa Pagtuturo ng Filipino	Katuwang sa Pagpapahusay ng Pagtuturo sa Filipino
“Hindi mapagkakaila na talagang ang AI ay katulong natin, lalong-lalo na kapag gipit sa oras.”	AI bilang kasangkapan sa pagpapagaan ng gawain	Kasangkapan sa Pagpapagaan ng Gawaing Pampagtuturo sa Filipino
“Isa siyang malaking tulong lalong-lalo na kung ang layunin ay mas mapabuti pa ang pagtuturo.”	AI bilang suporta sa kalidad ng pagtuturo	Katuwang sa Pagpapahusay ng Pagtuturo sa Filipino
“Nakakatulong lalo na sa mga kinakailangan ng mabilisang trabaho. Kapag nawalan ka na ng ideya pano gawin ang isang bagay, nakakatulong ang ChatGPT.”	AI bilang kasangkapan sa pagpapagaan ng gawain	Kasangkapan sa Pagpapagaan ng Gawaing Pampagtuturo sa Filipino
“Kailangan talaga basahin at iwasto. I-angkop mo sa kung ano ang mga estudyante mo.”	Limitasyon ng AI at pananagutan ng guro	Limitasyon at Responsableng Paggamit ng AI
Content Knowledge		
“Bilang nagtuturo… kinakailangan pa rin ang ating balidasyon… lalo na sa panitikan at gramatika.”	Pananagutan ng guro sa pagtiyak ng kawastuhan	Limitasyon at Responsableng Paggamit ng AI
“Nakakatulong naman ang AI pero kailangan mong suriin ang sagot na ibibigay niya. Kasi, lalo na sa Filipino madalas mali ang gramatika.”	Pagkilala sa mga limitasyon ng AI	Limitasyon at Responsableng Paggamit ng AI
“Ang AI mas maganda siya pag Ingles ang wika, dahil hindi siya masyadong pamilyar sa Filipino… sa balarila, sa paggamit ng bantas.”	Limitasyon ng AI at pananagutan ng guro	Limitasyon at Responsableng Paggamit ng AI

Pananaw ng mga Guro sa Paggamit ng Artipisyal na Intelihensiya sa Pagtuturo ng Filipino

Natuklasan na kinikilala ng mga guro ang Artipisyal na Intelihensiya (AI) bilang makabuluhang katuwang sa pagtuturo ng Filipino. Mula sa kanilang mga tugon, nabuo ang tatlong pangunahing tema: Katuwang sa Pagpapahusay ng Pagtuturo sa Filipino, Kasangkapan sa Pagpapagaan ng Gawaing Pampagtuturo sa Filipino, at Limitasyon at Responsableng Paggamit ng AI.

Ipinakita ng mga tugon na nakikita ng mga guro ang kapakinabangan ng AI sa pagbibigay ng karagdagang impormasyon, pagpapaliwanag ng mga konsepto,

pagmumungkahi ng mga ideya, at pagsuporta sa paghahanda ng mga kagamitang pampagtuturo. Kinikilala rin nila ang kakayahan nitong mapabilis ang ilang gawaing akademiko, lalo na kapag kinakailangang makapaghanda ng mga materyales sa limitadong panahon.

Bilang lokal na ebidensiya, natuklasan nina Jaramillo et al. (2025) sa mga institusyon ng mataas na edukasyon sa Pilipinas na nakatutulong ang AI sa pagtuturo ng Filipino sa pamamagitan ng mga interaktibong kagamitan at agarang tugon sa mag-aaral. Kaugnay nito, ipinakita nina David at Maroma (2025) sa mga naghahandang guro sa Bulacan State University na nakatutulong ang ChatGPT sa *lesson planning* at pagbuo ng malikhaing gawain.

Gayunpaman, natuklasan na ang positibong pananaw ng mga guro ay may kaakibat na pag-iingat. Kinikilala nila ang posibilidad ng hindi tumpak na impormasyon at mga pagkakamali sa gramatika at iba pang nilalamang Filipino. Dahil dito, binibigyang-halaga nila ang kritikal na pagsusuri, pagwawasto, at beripikasyon ng mga awtput ng AI. Ipinakikita nito na para sa mga kalahok, ang AI ay isang pantulong na teknolohiya na nangangailangan pa rin ng propesyonal na pagpapasya ng guro.

Talahanayan 2. Mga Karanasan ng mga Guro sa Paggamit ng Artipisyal na Intelihensiya sa Pagtuturo ng Wikang Filipino

Mga Piling Sipi mula sa mga Tugon ng mga Kalahok	Mga Koda	Mga Tiyak na Tema
Technological Knowledge		
“Hindi wasto o hindi kompleto ang impormasyong ibinibigay ng AI kaya kinakailangan ko itong suriin at ihambing sa mga mapagkakatiwalaang sanggunian bago gamitin sa klase.”	Pagsusuri ng output; paghahambing sa mapagkakatiwalaang sanggunian; beripikasyon ng impormasyon	Etikal at Responsableng Integrasyon ng AI sa Pagtuturo ng Filipino
“Kung ano yung katanungan ko sa sarili ko, yun din yung tinatanong ko kay AI.”	Pagbuo ng prompt; paglilinaw ng tanong; pag-uugnay ng prompt sa output	Etikal at Responsableng Integrasyon ng AI sa Pagtuturo ng Filipino
Pedagogical Knowledge		
“Hindi lang kasi impormasyon yung nakukuha mo pati yung estratehiya or yung creativity naibibigay narin ni Artificial Intelligence.”	Paglinang ng estratehiya; pagpapasigla ng pagkamalikhain; pagtuklas ng bagong posibilidad	Katuwang sa Pagbuo ng Kagamitan at Gawaing Pampagkatuto sa Filipino
“Madalas ginagamit ko ang AI sa paggawa ng aking mga visual aids… malaking tulong siya para makapagbigay ako ng interaktibong gawain sa mga mag-aaral.”	Pagbuo ng biswal na materyales; paglikha ng interaktibong gawain; pagpapataas ng interes ng mag-aaral	Katuwang sa Pagbuo ng Kagamitan at Gawaing Pampagkatuto sa Filipino
“Nagagamit ko ito bilang katuwang sa paghahanda ng mga aralin, pagsusulit, gawain at iba pang mga kagamitang pampagtuturo.”	Paghahanda ng aralin; pagbuo ng pagsusulit; paglikha ng kagamitang pampagtuturo	Katuwang sa Pagbuo ng Kagamitan at Gawaing Pampagkatuto sa Filipino

"Ang AI ginagamit ko lang para maging katuwang lang at hindi kapalit sa akin sa pagtuturo."	AI bilang pantulong; pagpapanatili ng papel ng guro; pag-iwas sa labis na pagdepende	Etikal at Responsableng Integrasyon ng AI sa Pagtuturo ng Filipino
Content Knowledge		
"Minsan ginagamit ko ang AI para sa pagsasalin ng mga tekstong nasa Ingles… nahihirapan akong tumbasan sa Filipino kaya magpapatulong ako sa AI."	Pagsasalin ng teksto; paghahanap ng katumbas na salita; suporta sa gawaing pangwika	Katuwang sa Pagbuo ng Kagamitan at Gawaing Pampagkatuto sa Filipino
"Sa Filipino, sa salin niya nagbibigay kalituhan kung babasahin."	Kalituhan sa pagsasalin; limitasyon sa paggamit ng Filipino; kawalan ng katiyakan sa output	Etikal at Responsableng Integrasyon ng AI sa Pagtuturo ng Filipino
"Kinikompara ko ito sa libro kung tama ba ang sagot ni AI."	Paghahambing sa aklat; pagwawasto ng impormasyon; paggamit ng awtoritatibong sanggunian	Etikal at Responsableng Integrasyon ng AI sa Pagtuturo ng Filipino

Karanasan ng mga Guro sa Paggamit ng Artipisyal na Intelihensiya sa Pagtuturo ng Filipino

Natuklasan na aktuwal na ginagamit ng mga guro ang AI sa iba't ibang gawaing pampagtuturo. Dalawang pangunahing tema ang lumitaw: Katuwang sa Pagbuo ng Kagamitan at Gawaing Pampagkatuto sa Filipino at Etikal at Responsableng Integrasyon ng AI sa Pagtuturo ng Filipino.

Batay sa kanilang mga karanasan, ginagamit ang AI sa paghahanda ng mga aralin, pagbuo ng mga *visual aid*, pagsusulit, interaktibong gawain, at iba pang kagamitang panturo. Nakatutulong din ito sa pagmumungkahi ng mga estratehiya at pagbuo ng mga gawaing maaaring iangkop sa pangangailangan ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan nito, napapadali ang ilang bahagi ng paghahanda sa pagtuturo.

Sa kabilang banda, natuklasan na nakararanas din ang mga guro ng mga suliranin sa paggamit ng AI, partikular sa hindi wasto o hindi kumpletong impormasyon, mga pagkakamali sa pagsasalin, at mga nilalamang hindi agad naaangkop sa konteksto ng Filipino. Dahil dito, kinakailangan ihambing ang mga sagot ng AI sa mga mapagkakatiwalaang sanggunian, iwasto ang mga pagkakamali, at baguhin ang mga materyales ayon sa layunin ng aralin at antas ng mga mag-aaral. Ipinakikita ng mga karanasang ito na hindi nagtatapos sa paglikha ng awtput ang paggamit ng AI, sapagkat mahalagang bahagi nito ang pagsusuri at pag-angkop ng guro.

Talahanayan 3. Mga Larangan ng Paggamit ng Artipisyal na Intelihensiya sa Pagtuturo ng Wikang Filipino

Mga Piling Sipi mula sa mga Tugon ng mga Kalahok	Mga Koda	Mga Tiyak na Tema
Pedagogical Knowledge		
"...sa pamamagitan ng AI nagmumungkahi kasi siya na paano mo ituturo na may mas buhay, nakawiwili na pagtuturo..."	Pagsusuri ng akdang pampanitikan; pagbuo ng mga gawaing pampanitikan; pagpapasigla ng talakayan	Pagtuturo ng Panitikan
"...gamit na gamit talaga ang ChatGPT... sa mga pasulit"; "...ginagamit ko ang AI bilang katulong ko sa pagbuo ng mga rubriks..."	Pagbuo ng pagsusulit; pagdidisenyo ng rubrik; pagbuo ng banghay-aralin at kagamitang panturo	Kagamitang Panturo at Pagtataya
"...maaari itong gamitin upang makapagbigay ng iba't ibang gawain para sa mga mag-aaral na may kakaibang antas ng kakayahan."	Pag-aangkop ng mga gawain; pagkakaiba-iba ng estratehiya; pagtugon sa pangangailangan ng mag-aaral	Estratehiya at Gawaing Pampagkatuto sa Pagtuturo ng Filipino
Content Knowledge		
"...unang nakatutulong siya is sa pagbabasa at saka sa pagsusulat."	Paglinang ng pagbasa at pagsulat; pagsasalin ng salita; pagbigkas	Makrong Kasanayan
"...malaking tulong ang AI sa pagtuturo ng balarila dahil nakapagbibigay ito ng maraming halimbawa at pagsasanay tungkol sa wastong paggamit ng salita at pangungusap."	Pagbibigay ng halimbawa; pagsasanay sa gramatika; pagpapaliwanag ng tuntuning pangwika	Balarila at Wika
"Sa pananaliksik... makakatulong ang AI sa pagwawasto ng konsepto o kung gusto nating mas klaro pa at organisado ang konsepto natin."	Pag-oorganisa ng ideya; pagpapalinaw ng konsepto; pagsuporta sa pananaliksik	Pananaliksik at Pagsulat
"Gamitin ang AI sa pagpapalaganap ng Filipino, maaaring gawing katulong natin si AI sa pagpapalaganap at pagpapanatiling buhay ng wikang Filipino at ng panitikan."	Pagpapalaganap ng wikang Filipino; pagpapanatili ng panitikan; paggamit ng teknolohiya sa wika	Pagpapaunlad ng Filipino at Panitikan

Mga Larangan ng Paggamit ng Artipisyal na Intelihensiya sa Pagtuturo ng Wikang Filipino

Natuklasan na may iba't ibang larangan ng pagtuturo ng Filipino na maaaring mapakinabangan ang AI. Natukoy ang pitong pangunahing tema: Paglinang ng Makrong Kasanayan, Balarila at Wika, Pagtuturo ng Panitikan, Kagamitang Panturo at Pagtataya, Pananaliksik at Pagsulat, Estratehiya at Gawaing Pampagkatuto sa Pagtuturo ng Filipino, at Pagpapaunlad ng Filipino at Panitikan.

Sa paglinang ng mga makrong kasanayan, natukoy ang posibilidad ng paggamit ng AI sa paghahanda ng mga gawaing may kaugnayan sa pagbasa, pagsulat, pagsasalita, pakikinig, at panonood. Sa larangan ng balarila at wika, maaari itong

makatulong sa pagbibigay ng mga halimbawa, pagpapaliwanag ng mga tuntuning panggramatika, at paghahanda ng mga pagsasanay sa wastong paggamit ng wika.

Sa pagtuturo ng panitikan, natukoy ang posibilidad ng paggamit ng AI sa pagpapaliwanag ng mga konsepto, pagsusuri ng mga akda, at paghahanda ng mga gawaing pampanitikan. Gayunpaman, nananatiling mahalaga ang paggabay ng guro upang matiyak ang wastong pagpapakahulugan at pagsasaalang-alang sa kontekstong pangkultura ng mga akda.

Natukoy rin ang potensiyal ng AI sa paghahanda ng mga banghay-aralin, syllabus, pagsusulit, rubrik, presentasyon, at iba pang kagamitang panturo at pagtataya. Sa pananaliksik at pagsulat, maaari itong magsilbing pantulong sa pagbuo at pag-oorganisa ng mga ideya. Maaari rin itong magamit sa pagdidisenyo ng mga estratehiya at gawaing pampagkatuto na angkop sa layunin ng asignaturang Filipino.

. Sinusuportahan ito ng pagsusuri nina Law (2024), na tumalakay sa iba't ibang aplikasyon ng *generative AI* sa pagtuturo at pagkatuto ng wika. Ipinakita ng kanilang pagsusuri ang potensiyal ng AI sa pagbuo ng nilalaman at pagsuporta sa pagkatuto ng wika, ngunit binigyang-diin din ang pangangailangan ng mas maraming empirikal na pag-aaral upang matukoy ang epekto nito sa mga partikular na kasanayan.

Gayunpaman, ang mga larangang ito ay mga posibleng aplikasyon batay sa pananaw at karanasan ng mga guro. Hindi pa pinatutunayan ng kasalukuyang pag-aaral ang aktuwal na epekto ng AI sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa bawat larangan.

Talahanayan 4. Mga Rekomendasyon para sa Epektibong Integrasyon ng Artipisyal na Intelihensiya sa Pagtuturo ng Filipino

Mga Piling Sipi mula sa mga Tugon ng mga Kalahok	Mga Koda	Mga Tiyak na Tema
Technological Knowledge		
“Kailangan talaga alam mo paano ang wastong pagtatanong kay AI. Nang sa ganoon ay makukuha mo rin yung tama at makabuluhang impormasyon mula sa kanya.”	Wastong pagbuo ng prompt; malinaw na pagtukoy sa layunin; pagpapahusay ng kalidad ng sagot	Kasanayan sa Pagbuo ng Prompt
“...mahalaga na alam ng guro kung paano gumawa ng malinaw na prompt, paano suriin ang sagot ng AI at paano ito iaangkop sa pangangailangan ng mga mag-aaral.”	Pagsasanay sa AI; pagpapaunlad ng digital na kakayahan; pag-aangkop ng mga materyal	Pagsasanay at Kahandaan ng Guro
“...suriin at i-verify ang sagot ng AI bago natin gamitin sa klase...”	Beripikasyon ng impormasyon; pagsusuri ng katumpakan; paggamit ng mapagkakatiwalaang sanggunian	Beripikasyon at Kritikal na Pagsusuri
“...mas mainam din na bilang guro mayroon tayong kaalaman sa kung papaano gamitin ang AI tool...”	Pagkilala sa iba't ibang AI tool; patuloy na pagkatuto;	Pagpapaunlad ng Kasanayan sa AI

	pagpili ng angkop na teknolohiya	
Pedagogical Knowledge		
"...gamitin ang AI bilang katuwang at hindi pampalit sa mga gawain ng guro..."	AI bilang pantulong; pagpapanatili ng papel ng guro; paggamit ng propesyonal na pagpapasya	Katuwang ng Guro
"Gumawa ng malinaw na guidelines, tungkol sa academic integrity at plagiarism at responsible AI use..."	Pagbuo ng mga alituntunin; integridad akademiko; pag-iwas sa plagiarism	Mga Alituntunin sa Etikal na Paggamit
"...dapat sa mga paaralan... mas maging responsable ang guro at estudyante bilang gumagamit ng AI. Kasi yung iba direkta nang kinokopya."	Responsableng paggamit; pag-iwas sa direktang pagkopya; pagpapanatili ng orihinalidad	Integridad at Pananagutan ng Gumagamit
"Dapat talaga nandyan ang paggabay ng guro sa tuwing hinahayaan natin ang mga mag-aaral natin sa paggamit ng AI."	Paggabay ng guro; pagsubaybay sa paggamit ng AI; paglinang ng mapanuring pag-iisip	Gabay ng Guro sa Paggamit ng AI
"...mas mainam din na pagsamahin ang AI at tradisyonal na pamamaraan sa pagtuturo upang mapanatili ang personal na ugnayan ng guro at mag-aaral."	Pagsasama ng tradisyonal at makabagong pamamaraan; interaksiyon ng guro at mag-aaral; balanseng paggamit ng teknolohiya	Balanseng Integrasyon ng AI sa Pagtuturo

Mga Rekomendasyon ng mga Guro para sa Epektibong Integrasyon ng Artipisyal na Intelihensiya sa Pagtuturo ng Filipino

Natuklasan na binibigyang-diin ng mga guro ang pangangailangan ng sapat na kaalaman, kasanayan, at pananagutan upang maging makabuluhan ang paggamit ng AI. Mula sa kanilang mga rekomendasyon, lumitaw ang mga magkakaugnay na usapin tungkol sa wastong pagbuo ng *prompt*, pagsasanay at kahandaan ng guro, paggamit ng AI bilang katuwang, beripikasyon at kritikal na pagsusuri, mga alituntuning etikal, integridad at pananagutan, paggabay ng guro, pagpapaunlad ng kasanayan sa AI, at balanseng integrasyon nito sa pagtuturo.

Binigyang-diin ng mga kalahok ang kahalagahan ng kasanayan sa pagbuo ng malinaw at tiyak na prompt upang makakuha ng mas angkop na mga sagot mula sa AI. Natukoy rin ang pangangailangan ng patuloy na pagsasanay upang mapaunlad ang kaalamang teknolohikal at pedagogikal ng mga guro sa paggamit ng mga kagamitang AI.

Bukod dito, binigyang-halaga ng mga kalahok ang pagsusuri at beripikasyon ng mga impormasyong nalilikha ng AI bago gamitin sa klase. Iminungkahi rin ang pagkakaroon ng malinaw na mga alituntunin upang mapanatili ang integridad akademiko, maiwasan ang *plagiarism*, at maisulong ang pananagutan ng mga gumagamit ng teknolohiya.

Higit sa lahat, natuklasan na binibigyang-diin ng mga guro ang pagpapanatili ng kanilang sentral na papel sa pagtuturo. Para sa kanila, dapat magsilbing katuwang

lamang ang AI at hindi pamalit sa propesyonal na pagpapasya, paggabay, at pakikipag-ugnayan ng guro sa mga mag-aaral. Natukoy nina Cabuquin et al. (2024) ang karanasan sa hindi sapat at hindi tumpak na impormasyong ibinibigay ng ChatGPT. Kaugnay nito, iminungkahi ang balanseng pagsasama ng AI at mga pamamaraang nakasentro sa guro at mag-aaral.

Kongklusyon

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, mahihinuha na ang Artipisyal na Intelihensiya ay kinikilala ng mga gurong kalahok bilang isang makabuluhang kagamitang pantulong sa pagtuturo ng Filipino. Ang kanilang mga pananaw ay nagpapakita ng pagtanggap sa mga posibilidad ng AI sa pagpapahusay ng pagtuturo at pagpapagaan ng mga gawaing akademiko, ngunit ang pagtanggap na ito ay may kaakibat na pagkilala sa mga limitasyon ng teknolohiya. Ipinahihiwatig nito na ang pagiging kapaki-pakinabang ng AI ay hindi lamang nakabatay sa bilis ng paglikha nito ng impormasyon, kundi sa kakayahan ng guro na suriin ang kawastuhan at kaangkupan ng mga nilalamang nalilikha nito.

Ipinakikita rin ng mga karanasan ng mga guro na nagagamit ang AI sa paghahanda ng mga aralin, kagamitang panturo, pagtataya, at mga gawaing pampagkatuto. Gayunpaman, ang pangangailangang iwasto ang mga pagkakamali sa gramatika, pagsasalin, at iba pang nilalamang Filipino ay nagpapahiwatig na hindi maaaring gamitin nang walang pagsusuri ang mga awtput ng AI. Samakatuwid, nananatiling mahalaga ang kaalamang pangnilalaman at pedagogikal ng guro upang matiyak na ang paggamit ng teknolohiya ay naaayon sa mga layunin ng pagtuturo at sa pangangailangan ng mga mag-aaral.

Mahihinuha rin na may malawak na posibilidad ang AI sa iba't ibang larangan ng pagtuturo ng Filipino, kabilang ang paglinang ng makrong kasanayan, balarila, panitikan, pananaliksik, pagsulat, at pagtataya. Gayunpaman, ang mga posibilidad na ito ay hindi nangangahulugang napatunayan na ang pagiging epektibo ng AI sa lahat ng nabanggit na larangan. Sa halip, ipinakikita ng mga resulta ang pangangailangang maingat na piliin at iangkop ang mga aplikasyon ng AI upang mapanatili ang kawastuhang pangwika, pagpapahalagang pangkultura, at kabuluhang pedagogikal ng asignaturang Filipino.

Higit pa rito, ipinahihiwatig ng mga rekomendasyon ng mga guro na ang makabuluhang integrasyon ng AI ay nangangailangan ng patuloy na pagpapaunlad ng kasanayan, malinaw na mga alituntuning etikal, kritikal na pagsusuri ng impormasyon, at balanseng paggamit ng teknolohiya. Kaugnay ng balangkas na *Technological Pedagogical Content Knowledge* (TPACK), makikita na hindi sapat ang kaalamang teknolohikal lamang. Kinakailangan ang magkakaugnay na paggamit ng kaalamang teknolohikal, pedagogikal, at pangnilalaman upang maging angkop ang AI sa pagtuturo ng Filipino.

Sa kabuuan, mahihinuha na ang pagpapahusay ng pagtuturo ng Filipino sa pamamagitan ng Artipisyal na Intelihensiya ay higit na nakasalalay sa mapanuri,

responsable, at makabuluhang paggamit nito ng guro kaysa sa mismong kakayahan ng teknolohiya. Ang AI ay maaaring magsilbing katuwang sa pagpaplano at pagsasagawa ng pagtuturo, ngunit nananatili sa guro ang pangunahing pananagutan sa pagpili, pagsusuri, pag-aangkop, at pagpapahalaga sa nilalamang itinuturo. Dahil dito, ang pagsasanib ng teknolohiya at propesyonal na kaalaman ng guro ang mahalagang batayan sa pagsusulong ng responsableng integrasyon ng AI sa asignaturang Filipino.

Rekomendasyon

Para sa mga Guro ng Filipino. Inirerekomenda ang paggamit ng AI bilang pantulong sa paghahanda ng mga aralin, kagamitang panturo, pagsusulit, at gawaing pampagkatuto, ngunit nararapat na magkaroon ng sistematikong pagsusuri bago gamitin ang mga awtput nito. Maaaring magsagawa ang mga guro ng tatlong hakbang: una, beripikahin ang impormasyon sa mga mapagkakatiwalaang sanggunian; ikalawa, suriin ang kawastuhan ng gramatika, pagsasalin, at kontekstong pangkultura; at ikatlo, iangkop ang materyal sa layunin ng aralin at pangangailangan ng mga mag-aaral. Ang mga hakbang na ito ay tumutugon sa natuklasang mga limitasyon ng AI sa katumpakan at kaangkupan ng nilalaman.

Para sa mga Administrador ng Paaralan at mga Institusyon ng Mataas na Edukasyon. Iminumungkahi ang pagsasagawa ng mga *regular* na pagsasanay, *seminar-workshop*, at gawaing pampagpapaunlad ng propesyonal na nakatuon sa AI literacy, wastong pagbuo ng *prompt*, pagsusuri ng mga awtput, at integrasyon ng AI batay sa TPACK. Nararapat na magkaroon ng mga gawaing praktikal kung saan makabubuo ang mga guro ng mga kagamitang panturo gamit ang AI at susuriin ang mga ito ayon sa kawastuhang pangwika, kaangkupang pedagogikal, at integridad akademiko. Ang rekomendasyong ito ay nakabatay sa natuklasang pangangailangan ng mga guro sa patuloy na pagpapaunlad ng kanilang kasanayan at kahandaan sa paggamit ng AI.

Para sa mga Tagapagbuo ng Kurikulum at mga Tagapag-ugnay ng Programang Filipino. Iminumungkahi ang pagbuo at pagsubok ng mga halimbawang gawaing pampagtuturo na gumagamit ng AI sa mga larangang natukoy sa pag-aaral, partikular sa makrong kasanayan, balarila, panitikan, pananaliksik, pagsulat, at pagtataya. Nararapat na malinaw ang layunin, pamamaraan, at pamantayan sa pagtataya ng bawat gawain. Maaari ring bumuo ng koleksiyon ng mga nasuri at naangkop na *AI-assisted learning materials* na maaaring gamitin at pagbutihin ng mga guro. Ang rekomendasyong ito ay nakabatay sa natuklasang mga posibleng aplikasyon ng AI sa iba't ibang larangan ng pagtuturo ng Filipino.

Para sa mga Guro at Mag-aaral bilang mga Gumagamit ng AI. Inirerekomenda ang pagbuo at paunang paggamit ng LINANG-AI FILIPINO: Isang Praktikal na Manwal sa Responsable at Makabuluhang Integrasyon ng Artipisyal na Intelihensiya sa Pagtuturo ng Filipino. Nararapat na nakapaloob dito ang mga gabay sa wastong pagbuo ng *prompt*, mga halimbawa ng paggamit ng AI sa pagtuturo ng Filipino, mga hakbang sa beripikasyon at pag-angkop ng awtput, mga alituntuning etikal, at mga gawaing nakaangkla sa TPACK. Maaari itong ipasuri sa mga eksperto sa Filipino, teknolohiyang

pang-edukasyon, at pedagohiya bago isagawa ang pilot testing sa mga gurong Filipino. Sa pamamagitan nito, matutukoy ang kalinawan, kaangkupan, at praktikal na gamit ng manwal bago ito irekomenda para sa mas malawak na paggamit.

Para sa mga Susunod na Mananaliksik. Iminumungkahi ang pagsasagawa ng mga pag-aaral na may mas malawak na saklaw ng mga kalahok at institusyon upang masuri ang pagkakatulad at pagkakaiba ng mga pananaw at karanasan ng mga guro sa paggamit ng AI. Maaari ring magsagawa ng mga pag-aaral na sumusukat sa aktuwal na epekto ng *AI-assisted instruction* sa pagkatuto ng mga mag-aaral, partikular sa pagbasa, pagsulat, gramatika, at pagsusuri ng panitikan. Bukod dito, maaaring suriin ang pagiging katanggap-tanggap, praktikalidad, at bisa ng LINANG-AI FILIPINO bilang iminungkahing manwal.

Minumungkahing Awtput Ng Pananaliksik

LINANG-AI FILIPINO

Isang Praktikal na Manwal sa Responsable at Makabuluhang Integrasyon ng Artipisyal na Intelihensiya sa Pagtuturo ng Filipino

Batay sa rekomendasyong inilahad ng mga gurong kalahok sa pag-aaral
Katayuan: Iminungkahing manwal • Para sa pagsusuri at balidasyon bago ipatupad

Panimula

Ang manwal na ito ay binuo bilang praktikal na awtput batay sa siyam na temang lumitaw sa mga rekomendasyon ng mga gurong kalahok sa pag-aaral. Layunin nitong tulungan ang mga guro ng Filipino na gamitin ang AI bilang katuwang, hindi kapalit sa pagpaplano, pagbuo ng materyales, pagtuturo, at pagtataya. Bawat mungkahing gawain ay dapat iangkop sa kurikulum, antas ng mga mag-aaral, at patakaran ng paaralan.

Layunin ng Manwal

- Maipakita ang angkop na papel at limitasyon ng AI sa pagtuturo ng Filipino.
- Mapaunlad ang kasanayan sa pagbuo ng malinaw na prompt at pagsusuri ng mga awtput.
- Makapagbigay ng konkretong halimbawa para sa balarila, panitikan, makrong kasanayan, at pagtataya.
- Maisulong ang integridad akademiko, pag-iingat sa datos, at paggabay ng guro.
- Makatulong sa balanseng paggamit ng AI at mga gawaing nakasentro sa tao.

Pagkakaugnay sa mga Tema ng Pag-aaral

Bahagi	Mga temang pinagbabatayan
I. Pagkilala at Kahandaan	Pagsasanay at Kahandaan ng Guro; Pagpapaunlad ng Kasanayan sa AI
II. Wastong *Prompt*	Kasanayan sa Pagbuo ng *Prompt*
III. Pagsusuri ng Awtput	Beripikasyon at Kritikal na Pagsusuri
IV. Etika at Pananagutan	Mga Alituntunin sa Etikal na Paggamit; Integridad at Pananagutan ng Gumagamit; Gabay ng Guro sa Paggamit ng AI
V. Integrasyon sa Filipino	AI bilang Katuwang ng Guro; Balanseng Integrasyon ng AI sa Pagtuturo

BAHAGI I. PAGKILALA AT KAHANDAAN SA AI

1. Ano ang dapat malaman ng guro?

Maaaring makabuo ang *generative AI* ng mga panimulang paliwanag, tanong, tekstong pagsasanayan, rubrik, at mungkahing gawain. Hindi ito awtoritatibong sanggunian: maaari itong magbigay ng maling impormasyon, di-angkop na pagsasalin, o di-umiiral na reperensiya. Ang guro ang may huling pagpapasya sa nilalamang gagamitin.

2. Mabilis na pagsusuri sa kahandaan

Tanong sa sarili	Oo / Hindi / Kailangan pang pag-aralan
Alam ko ba ang layunin ng AI tool na gagamitin?	_____
Kaya ko bang magbigay ng tiyak na *prompt* sa Filipino?	_____
May mapagkakatiwalaan ba akong sanggunian sa beripikasyon?	_____
Alam ko ba ang patakaran sa datos at paggamit ng AI?	_____
May alternatibong gawain ba kapag walang *internet*/AI?	_____

Kung may sagot na "Kailangan pang pag-aralan," unahin ang pagsasanay at konsultasyon sa tagapag-ugnay o kapwa guro bago gamitin ang tool sa sensitibong gawain.

BAHAGI II. WASTONG PAGBUO NG PROMPT

3. Balangkas ng mabisang prompt

Gamitin ang pormulang **L-A-K-A-S**: Layunin, Antas ng mag-aaral, Konteksto ng aralin, Anyo ng awtput, at Sukatan/pamantayan. Isama ang wika, haba, oras, at mga bagay na dapat iwasan.

Sangkap	Halimbawa
Layunin	Bumuo ng gawaing pagsasanay sa pang-ugnay
Antas	Baitang 9
Konteksto	Mga sitwasyong pamilyar sa mga mag-aaral
Anyo	Limang pangungusap at *answer key*
Sukatan	May malinaw na panuto; wastong gramatika; katamtamang hirap

4. Halimbawang *prompt* na maaaring kopyahin at iangkop

“Ikaw ay katuwang sa paghahanda ng aralin sa Filipino. Bumuo ng 10-minutong gawaing pampagsasanay sa paggamit ng pang-ugnay para sa Baitang 9. Gumamit ng natural na wikang Filipino at mga sitwasyong angkop sa mag-aaral. Magbigay ng layunin, panuto, limang aytem, inaasahang sagot, at maikling paliwanag. Iwasan ang di-napatunayang impormasyon. Ilahad kung aling bahagi ang dapat beripikahin ng guro.”

Pagkatapos tumanggap ng sagot, maaaring sundan ng: “Suriin muli ang bawat aytem. Alin ang posibleng malabo, may higit sa isang sagot, o hindi angkop sa antas ng mag-aaral? Magmungkahi ng rebisyon.”

BAHAGI III. BERIPIKASYON AT KRITIKAL NA PAGSUSURI

5. Limang hakbang bago gamitin ang AI awtput

- Basahin ang buong awtput; tukuyin ang mga pahayag na nangangailangan ng patunay.
- Ihambing ang tuntuning pangwika sa kinikilalang sanggunian at materyales ng kurso.
- Suriin ang katumpakan ng salin, baybay, bantas, kahulugan, at kontekstong kultural.
- Tingnan kung naaayon ang mga halimbawa, tanong, at antas ng kahirapan sa mga mag-aaral.
- Iwasto, isulat sa sariling pananalita kung kailangan, at itala ang mga pagbabagong ginawa.

6. Checklist sa pag-apruba ng materyal

Pamantayan	Tsek (✓) / Tala
Tumpak ang impormasyong faktuwal at sanggunian	_____
Wasto at natural ang Filipino	_____
Angkop sa kontekstong pangkultura at antas	_____
Tugma sa layunin at inaasahang kasanayan	_____
Walang inilantad na personal o sensitibong datos	_____
Nasuri at inaprubahan ng guro	_____

Huwag gumamit ng AI-generated na sipi, bibliyograpiya, o paliwanag sa akdang pampanitikan nang hindi sinusuri ang orihinal na akda at ang umiiral na sanggunian.

BAHAGI IV. ETIKA AT PANANAGUTAN

7. Mga mungkahing tuntunin sa klase

- Ipaliwanag kung kailan pinapayagan, limitado, o ipinagbabawal ang AI sa isang gawain.
- Ipagawa sa mag-aaral ang sariling pagsusuri, paliwanag, at pagwawasto sa halip na direktang pagkopya.
- Huwag maglagay sa pampublikong AI tool ng pangalan, marka, panayam, o sensitibong datos nang walang naaangkop na pahintulot at proteksiyon.
- Kung hinihingi ng paaralan, ipahayag kung anong AI tool ang ginamit at kung para saan ito ginamit.
- Sundin ang mga umiiral na patakaran ng institusyon tungkol sa akademikong integridad at pagkapribado.

8. Halimbawang pahayag sa gawaing may pahintulot gumamit ng AI

“Pinapayagan ang AI para sa pagbuo ng paunang ideya at pagsasanay, ngunit kailangang ang pangwakas na sagot, pagsusuri, at paliwanag ay sariling gawa. Ilakip ang maikling tala kung paano ginamit ang AI at alin sa mga mungkahi nito ang binago o hindi tinanggap.”

9. Papel ng guro

Ang guro ang nagtatakda ng layunin, nagpapasya sa angkop na gamit ng AI, nagsusuri ng output, naggagabay sa mag-aaral, at nagtataya ng aktuwal na pagkatuto. Hindi dapat gawing awtomatikong batayan ang AI output sa pagmamarka o paghatol sa integridad ng mag-aaral.

BAHAGI V. PRAKTIKAL AT BALANSENG INTEGRASYON SA FILIPINO

10. Mga halimbawang aplikasyon

Larangan	Gamit ng AI	Pananagutan ng guro
Balarila	Bumuo ng paunang aytem sa pang-ugnay at bantas	Iwasto ang tuntunin, halimbawa, at susi sa pagwawasto
Panitikan	Magmungkahi ng tanong sa tauhan, tunggalian, at tema	Ihambing sa orihinal na akda at konteksto nito
Pagbasa	Magmungkahi ng literal, inferensiyal, at kritikal na tanong	Tiyaking ang sagot ay suportado ng teksto
Pagsulat	Magbigay ng balangkas at rubrik para sa sanaysay	Pahalagahan ang orihinal na ideya at boses ng mag-aaral
Pagtataya	Magmungkahi ng rubrik at mga tanong	Tiyaking malinaw, patas, at nakahanay sa layunin

11. Halimbawang 40-minutong aralin: Pagsusuri ng maikling akda

Oras	Gawain	Gamit ng AI
5 minuto	Panimulang tanong tungkol sa tema ng akda	Guro ang pipili sa mungkahing tanong
10 minuto	Tahimik na pagbasa ng aktuwal na akda	Walang AI; orihinal na teksto ang batayan
10 minuto	Talakayan ng tauhan, tunggalian, at ebidensiya	Maaaring gamitin ang nasuring gabay na tanong
10 minuto	Pangkatang pagsusuri na may sipi mula sa akda	Sariling paliwanag ng mga mag-aaral
5 minuto	*Exit ticket*: isang interpretasyon at patunay	Guro ang magtataya

Mungkahing prompt sa guro: “Magbigay ng limang bukas na tanong para sa pagsusuri ng [pamagat ng akda], ngunit huwag mag-imbento ng detalye o sipi. Iangkla lamang sa buod/tekstong ibibigay ko. Ihiwalay ang tanong sa posibleng gabay na sagot.”

12. Halimbawang 30-minutong aralin: Pagwawasto ng pangungusap

- 5 minuto: Ipakita ang dalawang pangungusap na may posibleng mali sa baybay o bantas.
- 10 minuto: Ipaliwanag ng mag-aaral kung ano ang dapat baguhin at bakit.
- 10 minuto: Ihambing sa awtput ng AI na nauna nang sinuri ng guro; tukuyin kung tama o mali ang mungkahi nito.

- 5 minuto: Sumulat ng sariling pangungusap at ipaliwanag ang tuntuning ginamit.

Layunin ng gawain na mapanatili ang kritikal na pag-iisip: hindi tinatanggap bilang tama ang sagot dahil lamang nagmula ito sa AI.

13. Simpleng talaan sa paggamit ng AI

Aralin / Petsa	***AI tool* at layunin**	**Ano ang binago / beripikasyon**	**Panghuling pasya ng guro**
_____	_____	_____	_____
_____	_____	_____	_____
_____	_____	_____	_____

14. Mungkahing pagsubaybay at pagpapahusay ng manwal

Maaaring ipasuri ang manwal sa mga eksperto sa Filipino, pedagohiya, at teknolohiyang pang-edukasyon gamit ang pamantayang: kalinawan, kawastuhang pangwika, kaangkupan sa kurikulum, praktikalidad, at etikal na kaligtasan. Pagkatapos ng balidasyon, maaari itong subukan sa limitadong bilang ng guro at rebisahin ayon sa kanilang puna. Ang prosesong ito ay mungkahi para sa susunod na yugto at hindi ipinahahayag na naisagawa na sa kasalukuyang pag-aaral.

Pangwakas na Paalala

Ang LINANG-AI FILIPINO ay isang iminumungkahing materyal na hinango sa mga temang nabuo sa rekomendasyon ng kwalitatibong pag-aaral. Hindi pa ito napatunayang epektibo sa pamamagitan ng implementasyon o eksperimental na pagtataya. Ang mga halimbawa rito ay mga mungkahing aplikasyon, hindi mga direktang pahayag ng mga kalahok. Kailangang repasuhin at balidahin ang manwal bago gamitin bilang opisyal na materyal ng institusyon.

Pagsunod sa mga Pamantayang Etikal

Isinaalang-alang ng mananaliksik ang mga pamantayang etikal sa buong proseso ng pag-aaral upang mapangalagaan ang mga karapatan, kapakanan, at pagkakakilanlan ng mga kalahok. Bago ang pangangalap ng datos, nakakuha ng *Ethics Review Board (ERB) Clearance* at mga kinakailangang pahintulot mula sa mga kinauukulang institusyon. Ipinaliwanag sa mga kalahok ang layunin, pamamaraan, at mga posibleng panganib ng pag-aaral bago hingin ang kanilang kusang-loob na pahintulot *informed consent*. Binigyang-diin na maaari silang tumangging sumagot sa anumang tanong o umatras sa pag-aaral nang walang kaparusahan o negatibong epekto sa kanilang propesyonal na katayuan. Hiningi rin ang hiwalay na pahintulot para sa *audio recording* ng mga panayam.

Upang maiwasan ang pamimilit o hindi nararapat na impluwensiya, gumamit ng *neutral* na tagapag-ugnay sa paunang pakikipag-ugnayan sa mga potensiyal na kalahok. Pinangalagaan ang kanilang pagkapribado at pagiging kompidensiyal sa pamamagitan

ng paggamit ng mga koda sa halip na tunay na pangalan sa transkripsyon, pagsusuri, at paglalahad ng mga natuklasan. Alinsunod sa mga prinsipyo ng *Data Privacy Act of 2012 (Republic Act No. 10173)*, ang mga elektronikong datos ay itinago sa *password-protected* na kagamitan, samantalang ang mga nakaimprentang dokumento ay inilagay sa ligtas na lalagyan upang maiwasan ang hindi awtorisadong pag-*access*.

Itinuring na may mababang antas ng panganib *minimal risk* ang pag-aaral, at iginalang ang kaginhawahan at dignidad ng mga kalahok sa panahon ng panayam. Tiniyak din ang integridad ng pananaliksik sa pamamagitan ng wastong pagkilala sa mga ginamit na sanggunian, maingat na pagsusuri ng mga nakalap na datos, at tapat na paglalahad ng mga natuklasan nang walang pagbabago o pagmamanipula ng impormasyon. Ang lahat ng datos ay ginamit lamang para sa mga layuning akademiko at pananaliksik.

Pagkilala

Taos-pusong nagpapasalamat ang may-akda sa lahat ng naging bahagi ng matagumpay na pagsasakatuparan ng pag-aaral na ito.

Sa Poong Maykapal, sa patuloy na paggabay, karunungan, at lakas na naging sandigan upang maisakatuparan ang pag-aaral na ito.

Kay Dr. Jean J. Roy, Dekana ng Kolehiyo ng Edukasyon at Tagapangulo ng Lupon, at sa mga miyembro ng lupon na sina Dr. Ethel S. Doria, Ma'am Quincy P. Bagnol, at Fr. Ruel F. Lero ng Holy Name University, sa kanilang mahahalagang kaalaman, makabuluhang mungkahi, at suportang ibinahagi upang higit na mapahusay ang pananaliksik; kay Prop. Fe N. Conui, tagapayo ng pananaliksik, sa kaniyang matiyagang paggabay, mahahalagang payo, at patuloy na panghihikayat sa buong proseso ng pag-aaral; at kay Dr. Fe R. Janiola, sa kaniyang mahalagang tulong at kaalamang ibinahagi sa pagsasakatuparan ng pananaliksik.

Kay Dr. Mae P. Bas, sa kaniyang bukal sa loob na pagtulong, walang sawang pagsuporta, at pagbibigay ng inspirasyon.

Kay Dr. Marites D. Muring, sa kaniyang pag-unawa at konsiderasyon; at sa mga kasamahang guro sa Bohol Island State University–Bilar Campus, sa kanilang suporta at inspirasyon.

Sa kaniyang mga magulang na sina Gualberto L. Ancog at Anamie F. Ancog, mga kapatid na sina Hazel Joyce F. Ancog at Hannah Joy F. Ancog, pamangking si Xavia Cali A. Noble, at sa pag-ibig ng kanyang buhay Jeff Earnest M. Remedio, sa kanilang pagmamahal, panalangin, at walang sawang suporta.

Sa lahat ng hindi man nabanggit ang pangalan ngunit naging bahagi at nagbigay ng mahalagang tulong sa pagsasakatuparan ng pag-aaral na ito, ipinaaabot ng may-akda ang kaniyang taos-pusong pasasalamat. Ang inyong suporta at kabutihang-loob ay naging bahagi ng tagumpay na ito. Maraming salamat po sa inyong lahat.

REFERENCES

Balbada, E. (2025). Exploring Filipino language educators' perceptions and pedagogical adaptations in AI-integrated instruction. International Journal on Culture, History, and Religion, 7(SI3), 261–274. https://doi.org/10.63931/ijchr.v7iSI3.327

Cabato, J. U. (2025). From awareness to practice: Exploring the knowledge, attitudes, and practices of secondary ESL teachers in the Philippines toward ChatGPT in education. LatIA, 3, Article 360. https://doi.org/10.62486/latia2025360

Cabuquin, J. C., Acidre, M. A. S., Manabat, M. A. A., Aruta, M. G. H., Sangutan, J., & Yu, R. F. B. (2024). The role of ChatGPT on academic research: Perspectives from Filipino students across diverse educational levels. Salud, Ciencia y Tecnología – Serie de Conferencias, 3, Article 1205. https://doi.org/10.56294/sctconf2024.1205

David, R. M. T., & Maroma, A. P. (2025). Exploring the integration of ChatGPT in pre-service teacher education: Benefits, challenges and pedagogical implications. International Journal of Multidisciplinary: Applied Business and Education Research, 6(3), 1333–1342. https://doi.org/10.11594/ijmaber.06.03.24

Goli-Cruz, M. J. (2024). Perceptions of higher education faculty regarding the use of chat generative pre-trained transformer (ChatGPT) in education. International Journal on Open and Distance e-Learning, 9(2). https://doi.org/10.58887/ijodel.v9i2.249

Jaramillo, M. Q., Baquiran, C. L., Madayag, C. P., Alih, C. B., Manera, A. B., & Ramones, J. T. (2025). Exploring the integration of artificial intelligence in Filipino language education: Enhancing teaching practices and learning outcomes in higher education institutions. International Journal on Culture, History, and Religion, 7(SI3), 416–431. https://doi.org/10.63931/ijchr.v7iSI3.390

Law, L. (2024). Application of generative artificial intelligence (GenAI) in language teaching and learning: A scoping literature review. Computers and Education Open, 6, Article 100174. https://doi.org/10.1016/j.caeo.2024.100174

Mazo, J., De Castro, L., Buhain, V., Tabunda, D., Cainglet, R., Asuncion, J., & Del Rosario, L. (2025). Understanding teachers' experiences in using artificial intelligence. Psychology and Education: A Multidisciplinary Journal, 45(9), 1111–1120. https://doi.org/10.70838/pemj.450904

Organisation for Economic Co-operation and Development. (2025). Results from TALIS 2024: The state of teaching. https://www.oecd.org/en/publications/results-from-talis-2024_90df6235-en.html

Silagan, S. M., & Samarca, A. Y. (2025). Integrasyon ng artificial intelligence (AI) sa pagtuturo at pagkatuto ng Filipino sa Senior High School: Mga hamon at oportunidad. International Journal of Advanced Multidisciplinary Studies, 5(5), 155–176.

Ulla, M. B., Advincula, M. J. C., Mombay, C. D. S., Mercullo, H. M. A., Nacionales, J. P., & Entino-Señorita, A. D. (2024). How can GenAI foster an inclusive language classroom? A critical language pedagogy perspective from Philippine university teachers. Computers and Education: Artificial Intelligence, 7, Article 100314. https://doi.org/10.1016/j.caeai.2024.100314

APA Citation:

Ancog, H. M. F., & Conui, F. N. (2026). PAGGAMIT NG ARTIPISYAL NA INTELIHENSIYA SA PAGTUTURO NG FILIPINO: PANANAW AT KARANASAN NG MGA GURO BATAY SA TPACK (TECHNOLOGICAL PEDAGOGICAL CONTENT KNOWLEDGE). Ignatian International Journal for Multidisciplinary Research, 4(11), 479–498. https://doi.org/10.5281/zenodo.24136683

Corresponding author: *harrahmaeancog@gmail.com*